Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

ARALING PANLIPUNAN

This is a Government Property. Not For Sale

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Grades 6 ARALING PANLIPUNAN

---

**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:**

Writers: Nora C. Cabale, Lornit P. Elbanbuena

Illustrators:

Layout Artists:

Content Editors: Jovy A. Swing

Language Editors: Jovy A. Swing

Management Team:

- Regional Director : Malcolm S. Garma
- SDS : Romela M. Cruz
- CLMD Chief: Genia V. Santos
- CID Chief : Alyn G. Mendoza
- Regional EPS (Araling Panlipunan): Andrew E. Tan
- Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza
- SDO EPS (Araling Panlipunan): Ceasar A. Nachor
- SDO LR : Ruby E. Baniqued
- Regional Librarian : Nancy S. Mabunga
- PDO II - LRMDS : Dorothy Grace I. Reyes
- Librarian II : Calixto N. Camangeg

## ARALIN 1: Mga Programa ni Pangulong Manuel A. Roxas


**INAASAHAN:** Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod na kasanayan:

1. Natatalakay ang mga programa na ipinatupad ni Pangulong Manuel A. Roxas sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino.

2. Nasusuri ang iba'tibang programang ipinatupad nina Elpidio Quirino sa pagtugon sa mga suliranin ng bansa

### UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Ang Pilipinas ay nangailangan ng REHABILITASYON matapos ang digmaan. Ano ang kasing kahulugan ng salitang ito? Isulat ito sa loob ng kahon.




### BALIK-TANAW

**Panuto**: Gumuhit ng tatlong pinsalang natamo ng Pilipinas pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN




Nagsimula ang Ikatlong Republika noong Hulyo 4, 1946, matapos lumaya ang Pilipinas sa Amerika. Nahalal na pangulo si Manuel A. Roxas at si Elpidio Quirino bilang Pangalawang Pangulo. Sa kanyang panunungkulan, ipinatupad niya ang sumusunod na programa/patakaran;

- ***Rehabilitation Finance Corporation-*** nagpapautang ng puhunan sa mga mangangalakal o kumpanya upang makapag simulang muli.
- Pagtatag ng korporasyon na tutulong sa magsasaka tulad ng *National Rice and Corn Corporation, National Coconut Corporation* at iba pang samahan.
- Pagkakaloob ng amnestiya sa mga kolaboreytor at Huk na sumuko sa pamahalaan
- ***Philippine Rehabilitation Act***- ang pagkakaloob ng Amerika ng tulong pinansiyal sa Pilipinas upang maipagawa ang mga nasira ng digmaan
- ***Military Bases Agreement***- pagpapahintulot na manatili ang mga base militar ng Amerika sa bansa sa loob ng 99 na taon
- **Batas Bell o *Philippine Trade Act of* 1946-** ang batas ng malayang kalakalan sa pagitan ng Amerika at Pilipinas. Itinakda ng batas ang pagkakaroon ng kota ang mga produktong iluluwas ng Pilipinas sa Amerika samantalang ang Amerika ay walang kota.
- ***Parity Rights-*** ang batas na nagbigay sa Amerikano ng karapatang gumamit at luminang sa likas na yaman ng Pilipinas.

Maraming pinuno ang tutol sa patakarang ito, subalit ito ay kanilang tinanggap. Hindi ipagkakaloob ng Amerika ang tulong pinansiyal sa Pilipinas kung ito ay hindi ipapasa.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Isulat sa patlang ang programang tinutukoy na ipinatupad ng pamahalaan ni Pangulong Roxas

__________1. Ito ang batas ng malayang kalakalan sa pagitan ng Amerika at Pilipinas.

__________2. Ang batas na ito ay nagbigay ng karapatan sa Amerikano na gamitin at linangin ang ng likas na yaman ng bansa.

__________3. Ito ay kapisanan ng mga magsasaka sa Luzon at naging suliraning pangkapayapaan ng administrasyong Roxas

__________4. Itinatag upang tulungan ang mga tao at pribadong kompanyang

makapagsimulang muli matapos ang digmaan.

__________5. Ito ay batas na pagkakaloob ng Amerika ng tulong pinansiyal sa Pilipinas upang maipagawa ang mga nasira ng digmaan

## GAWAIN 2

**Panuto:** Isulat ang **K** sa patlang kung ang pahayag ay isang katotohanan at **O** kung ito ay opinyon lamang.

______1. Ang Ikatlong Republika ay nagsimula noong Hulyo 4, 1946.

______2. Naging payapa ang bansa matapos pirmahan ang Military Bases Agreement.

______3. Ang National Corn Corporation ay tinatag upang matulungan ang magsasaka.

______4. Umunlad ang ekonomiya ng bansa matapos ipatupad ni Pangulong Roxas ang kanyang mga programa.

______5. Sa pagbibigay ng amnestiya sa mga Huk at kolaboreytor ay nawakasan na ang problema sa kapayapaan at katahimikan ng bansa.

## GAWAIN 3

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano- anong programa at patakaran ang ipinatupad ni Roxas upang mapadali ang rehabilitasyon sa bansa? ____________________________________________
____________________________________________________________
2. Sang-ayon ka ba sa pasya ni Pangulong Roxas na payagan ang Amerika na magtayo ng base-militar sa bansa? Bakit? ______________________________
____________________________________________________________
3. Nakatulong ba o nakasagabal sa pag-unlad ng kabuhayan ang Batas Bell at Parity Rights? Bakit? ____________________________________________
____________________________________________________________

## TANDAAN

Si Manuel A. Roxas ang unang pangulo ng Ikatlong Republika. Maraming suliranin ang kinaharap ng kanyang pamahaalaan dulot ng digmaan, ngunit sinikap nya masolusyunan ito. Ang layunin ng kanyang pamahalaan ay mapalaki ang produksiyon ng bansa at maibangon muli ang industriyang winasak ng panahon ng digmaan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto:** Punan ang graphic organizer ng mga programa na ipinatupad ng pamahalaan ni Pangulong Roxas.

**Mga Programa at Patakaran ni Pangulong Manuel A. Roxas**

→ ______

→ ______

→ ______

→ ______

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Basahin ang pangungusap at lagyan ng ☺ kung ito ay programa na nagawa ng administrasyong Roxas at lagyan ng ☹ kung hindi.

_____1. Pagpapatibay ng Batas Bell
_____2. Paggamit ng mabuting uri ng palay (Miracle Rice)
_____3. Maluwag na pagpasok ng produkto galing sa Amerika
_____4. Pagtatatag ng korporasyon na makakabuti sa magsasaka
_____5. Pagkakaroon ng kasunduan para sa pagtatayo ng base militar

## ARALIN 2: PANUNUNGKULAN NI ELPIDIO QUIRINO

### INAASAHAN:

Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito ay inaasahang magagawa mo ang sumusunod na kasanayan:

- Matatalakay ang mga Programang ipinatupad ni Elpidio Quirino at sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino.
- Maipaliliwanag ang iba't ibang programang ipinatupad ni Elpidio Quirino sa pagtugon sa mga suliranin.

## UNANG PAGSUBOK

______________________________________________________________


**Panuto**: Suriin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| **Elpidio Quirino** | **ACCFA** | **Ramon Magsaysay** |
| **PACSA** | **HUKBALAHAP** | **Kasunduang Quirino-Foster** |

__________ 1. Ang Programang naglalayong tulungan ang mga mahihirap na pamilya lalo na sa panahon ng kalamidad.
__________ 2. Tumulong sa mga magsasaka na maipagbili ang kanilang mga produkto.
__________ 3. Binigyan niya ng amnestiya ang mga Pilipinong gerilya.
__________ 4. Ang samahang itinatag ni Luis Taruc.
__________ 5. Ang programang ito ay naglalayung isulong ang pagtutulungan ng Pilipinas at Amerika sa pagpapaunlad ng bansa .

## BALIK-TANAW

**Panuto**: Punan ang *graphic organizer.* Sa pamumuno ni Manuel A. Roxas, ano ang naalala mo tuwing sasapit ang Hulyo 4? Isulat sa loob ng puso ang iyong sagot.



## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN



**ELPIDIO QUIRINO (1949-1953)**

Pagkalipas ng dalawang araw na pagkamatay ni Pangulong Roxas, ang kanyang pangalawang pangulo na si Elpidio Quirino ay hinirang at nanumpa bilang, Pangulo ng Republika. Noong Nobyembre 9,1948 siya ay kumandidato at nagwagi, kaya naipagaptuloy niya ang panunungkulan bilang Pangulo ng Republika. Isa sa mga layunin ni Quirino ay ang pagpapanumbalik ng kaayusan at katahimikan ng bansa at tiwala sa pamahalaan. Ang kaginhawaan sa mga mamamayang nasa magulong pook ang layunin din niya.

**MGA PROGRAMA NI PANGULONG QUIRINO**

1. *PACSA (Presidential Action Committee on Social Amelioration)* -upang matulungan ang mga pamilyang mahihirap lalo na kapag may kalamidad.
2. *ACCFA (Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration)* – para matulungan ang mga magsasaka na maipagbili ang ani nila.
3. Nagpatayo ng mga Bangko sa iba't ibang lalawigan para magpautang ng perang pampuhunan ng mga magsasaka.
4. Pagtaas ng sahod ng mga manggagawa ang isa sa mga batas na ipinagtibay niya.
5. Minabuti niya ang pakikipag-ugnayan sa ibang bansa sa Asya
6. Nilagdaan din niya ang Kasunduang Quirino-Foster na may layunin na isulong ang pagpapaunlad ng bansa sa pagtutulungan ng Pilipinas at Amerika.

Ang **HUKBALAHAP** (Hukbo ng Bayan laban sa Hapon) na itinatag ni Luis Taruc ang pinakamalaking pangkat ng mga gerilya na binubuo ng mga magsasaka sa Gitna at Katimugang Luzon. Ang ginawang hakbang ni Quirino ay ang pagharap sa Suliranin ng HUK, para masugpo ang paglaganap ng Huk sa bansa nagpalabas siya ng proklamasyon noong Hunyo 21, 1948, upang mabigyan ng amnestiya o ganap na pagpapatawad sa mga miyembro ng Huk na sa loob ng 50 araw ay isusuko nila ang kanilang mga sandata.


**GAWAIN 1**

**Panuto:** Ibigay ang kuhulugan ng sumusunod na acronyms.

1. PACSA- ____________________________________________
2. ACCFA-____________________________________________
3. HUKBALAHAP- ______________________________________

**GAWAIN 2**

**Panuto:** Punan ang graphic organizer ng tatlong program ana nagawa ng Pangulong Quirino at ipaliwanag ang iyong sagot.



## TANDAAN

**ELPIDIO QUIRINO-** Pangunahing naiambag ni Pangulong Quirino ay ang pagtitiwala ng mga tao sa pamahalaan, pagbabalik ng kapayapaan at kaayusan ng bansa sa pamamagitan ng maayos na pakikitungo sa mga Huk. Ang ilan sa kanyang mga Programa ang PASCA at ACCFA. Kasunduang Quirino-Foster ay naitupad din niya na may layunin na mapaunlad ang bansa.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Gumawa ng sanaysay ukol dito.
Kung ikaw ang pangulo ng bansa ano-ano ang magiging program ana makatututlong sa paglutas ng suliranin sa bansa.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
____________________________________________________________________.

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Isulat sa **TAMA** kung ang programang isinasaad ay kay Elpidio at **MALI** naman kung hindi.

____ 1. Ang malalaking lupa o hacienda ay binili ng pamahalaan sa mga haciendero at ipinagbili sa mga magsasaka walang lupa ng hulugan.
____ 2. Minabuti niya ang pakikipag-ugnayan sa ibang bansa sa Asya
____ 3. Pagtatatag ng PACSA na naglalayong tulungan ang mga mahihirap na pamilya lalo na sa panahon ng kalamidad.
____ 4. Nagkaroon ng naliksik sa makabagong Sistema ng pagsasaka, makabagong uri ng binhi, katulad ng Masagana 99.
____ 5. Nagpatayo ng mga Bangko sa ibat-ibang lalawigan para magpautang ng pera pampuhunan ng mga magsasaka.

***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

---

## SANGGUNIAN

Aralin 1

- Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino nina Ailene Baisa-Julian at Nestor S. Lontoc
- Canva.com

Aralin 2

- Yaman ng Pilipinas 6 Batayang aklat sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika 6
- Project Ease for Secondary Modyul 16
- https://www.google.com.ph

## SUSI SA PAGWAWASTO

### ARALIN 1

**UNANG PAGSUBOK**

Maaring sagot

Pagbuo, Pagbangon, Pagbabalik muli, Pagsasaayos,Pagbabagong tatag atbp

**BALIK- TANAW**

Ang kasagutan ay depende sa iginuhit ng bata

**GAWAIN 1**

**1.** Batas Bell o Philippine Trade Act
2. Parity Rights
3. Huk
4. Rehabilitation Finance Corporation
5. Philippine Rehabilitation Act

**ASSESSMENT**

**GAWAIN 2**

**1. K 2. O 3. K 4. O 5. O**

**GAWAIN 3**

Batay sa kasagutan ng mag-aaral

**PAG-ALAM SA NATUTUNAN**

**1.** Parity Rights
2. Rehabilitation Act
3.Rehabilitation Finance Corporation
4. Batas Bell o Philippine Trade Act
5 Military Base Agreement
6. Pagtatag ng korporasyon para sa magsasaka
7. Amnestiya para sa kolaboreytor/Huk

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. ☺ 2. ☹ 3.☺ 4. ☺ 5. ☺

### <u>ARALIN 2</u>

**PAG-ALAM SA NATUTUNAN**

1. **UNANG PAGSUBOK**
1. PACSA
2. ACCFA
3. Elpidio Quirino
4. HUKBALAHAP
5. Kasunduang Quirino-Foster

**BALIK-TANAW**

Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng mag-aaral

**GAWAIN 1**

1**.** Presidential Action Committee on Social Amelioration
2. Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration
3. Hukbo ng Bayan laban sa Hapon

**GAWAIN 2**

Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng mag-aaral.

**PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN**

Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng mag-aaral.

**PANAPOS NA PAGSUSULIT**

1. TAMA 4. MALI
2. MALI 5. TAMA